# MAGING LIGTAS SA BAGYO AT BAHA

MGA KAALAMAN AT PAYONG PANGKALUSUGAN NI DOC JUAN



Patient Tips


MANATILING MAY ALAM
MAKULIMLIM NA PANAHON, BUMISITA SI PAUL SA HEALTH CENTER PARA SA KANYANG CHECK-UP...
MABUTI AT NAKAPUNTA KA NGAYON PARA SA IYONG REGULAR NA CHECK-UP. DELIKADO ANG MGA SUSUNOD NA ARAW DAHIL SA PAPARATING NA BAGYO.
OPO, DOC JUAN. PRIORITY KO PA RIN ANG KALUSUGAN KO. LAGI RIN PO AKONG NAKA-MONITOR SA WEATHER UPDATES NG PAGASA AT FLOOD ALERTS NG NDRRMC PARA MASIGURO KO NA LIGTAS ANG AKING PAMILYA.
TAMA 'YAN! MAHALAGANG MAGING HANDA PARA MAIWASAN ANG STRESS, KAYA DAPAT LAGING UPDATED AT ALAMIN KUNG PAANO MANATILING LIGTAS ANG PAMILYA.
RAINFALL WARNING ICONS
ICON
DESCRIPTION
FORECAST
Advisory
Community AWARENESS
Flooding is POSSIBLE in low-lying areas and near river channels.
Alert
Community PREPAREDNESS
Flooding is THREATHENING in low-lying areas and near river channels.
Emergency
Community RESPONSE
SEVERE Flooding is EXPECTED. Take necessary precautionary measures.
KUMAIN AT UMINON NG MALINIS NA PAGKAIN AT TUBIG
SA ISANG EVACUATION CENTER...
DOC JUAN, MARAMING SALAMAT SA LIBRENG KONSULTASYON PARA SA ATING MGA RESIDENTE.
WALANG ANUMAN, AILEEN. MAGTULUNGAN TAYO PARA SA ATING KALIGTASAN—SIGURADUHING KOMPORTABLE SILA PARA MAIWASAN ANG STRESS AT MAY MALINIS NA PAGKAIN AT INUMIN PARA MAPANATILING MALAKAS AT MASIGLA. ITAPON ANG ANUMANG PAGKAIN NA NABASA NG BAHA.
OPO, DOC JUAN. MAYROON PO TAYONG TAMANG TAPUNAN NG BASURA.
FOOD
HYGIENE KITS
NABUBULOK
DI NABUBULOK
MAPANGANIB


MAG-INGAT SA MGA SAKIT NA DULOT NG BAHA
IKINUWENTO NG PASYENTE ANG SITWASYON NG KANILANG BAHAY PAGKATAPOS NG BAGYO AT BAHA.
DOC JUAN, SIMULA NANG BUMALIK KAMI MULA SA EVACUATION AT NAGSIMULANG MAGLINIS, HINDI NA TUMITIGIL ANG UBO KO AT NAHIHIRAPAN AKONG HUMINGA.
MAARING DAHIL ITO SA AMAG AT MGA KONTAMINASYON MULA SA TUBIG BAHA. RE-RESETAHAN KITA NG GAMOT PARA BUMUTI ANG IYONG PAKIRAMDAM. MAGPAHINGA AT IWASAN ANG STRESS UPANG HINDI LUMALA ANG IYONG SAKIT. BUMALIK KA KUNG LUMALA O HINDI MAWALA ANG SINTOMAS.
SALAMAT PO, DOC. HINDI KO AKALAIN NA GANUN PALA ANG EPEKTO NITO SA KONDISYON KO.
KUMUNSULTA SI GLO KAY DOC JUAN GAMIT ANG TELEMEDICINE.
TIGNAN ANG KALAGAYAN NG MGA BATA
HELLO DOC JUAN, ANO PO BA ANG DAPAT GAWIN SA MGA BATA, SOBRANG NATAKOT PO SILA SA BAGYO AT BAHA.
GLO, NAIINTINDIHAN KO ANG TAKOT AT PANGAMBA MO PARA SA IYONG ANAK PAGKATAPOS NG KALAMIDAD. KAILANGAN NILA NG PAG-AALAGA, SEGURIDAD, AT PAKIKIPAG-USAP. HIKAYATIN SILANG MAGSALITA TUNGKOL SA KANILANG NARARAMDAM O IPAHAYAG ITO SA PAMAMAGITAN NG PAGGUHIT AT PAGLALARO. HUWAG MAG-ATUBILING TUMAWAG ULIT KUNG PATULOY SILANG NABABAHALA.

# IHANDA ANG "GO BAG"

MAY GO BAG KA NA BA? MAGING HANDA SA ANUMANG EMERGENCY SA PAMAMAGITAN NG ISANG READY-TO-GRAB KIT NA MAY MAHAHALAGANG GAMIT TULAD NG PAGKAIN, TUBIG, FIRST AID KIT, GAMOT, FLASHLIGHT AT BATERYA. DAGDAGAN DIN NG PAMPAKALMA TULAD NG LITRATO NG PAMILYA O PABORITONG LARUAN NG BATA PARA MABAWASAN ANG STRESS AT MANATILING KALMADO.




americares Philippines